Washington State Department of Commerce

RENT ASSISTANCE INFORMATION
JULY 2021

Magagamit ang tulong sa pag-upa sa panahon ng COVID-19

Kung lampas na sa taning ang iyong upa o nanganganib na mapaalis, maaari kang mag-apply para sa tulong sa pag-upa o humingi ng tulong mula sa isang programa sa paglutas sa pagpapaalis.

Hindi maaaring maglabas ng mga abiso ng pagpapaalis ang mga kasera dahil sa lampas sa taning na upa bilang resulta ng pandemyang COVID-19 maliban kung totoo ang lahat ng tatlong bagay na ito:

- Mayroong isinasagawang programa ng tulong sa upa sa county kung saan ka nakatira. Makipag-ugnayan sa provider sa inyong county para sa impormasyon kung paano mag-apply. Listahan: https://www.commerce.wa.gov/serving-communities/homelessness/eviction-rent-assistance-program/
- Mayroong isinasagawang programa ng paglutas sa pagpapaalis sa county kung saan ka nakatira. Listahan: https://www.resolutionwa.org/locations
- Tinangka ng iyong kasera na makipagtulungan sa iyo upang mag-apply para sa tulong sa pamamagitan ng isa o parehong programang ito.

Maaaring tumulong ang Office of the Attorney General (Opisina ng Pangkalahatang Abogado) sa mga reklamong may kaugnayan sa pagpapaalis mula sa parehong mga nangungupahan at kasera.
https://fortress.wa.gov/atg/formhandler/ago/COVID19EvictionComplaintForm.aspx

Magagamit ang mga mapagkukunan upang makatulong sa iba pang gastusin—Tumawag sa 2-1-1 para sa impormasyon

Bisitahin ang wa211.org o tumawag sa 2-1-1 upang makipag-usap sa isang tao na maaaring makapagbigay ng impormasyon upang matulungan ang mga tao na bayaran ang mga bagay-bagay gaya ng bayarin sa enerhiya, pagkain, broadband at marami pa.